

Titulo I Impormasyon Ang Titulo I, Bahagi A ay isang programang pederal na pinonpondohan ng Batas sa Bawa't Bata Magtatagumpay (ESEA) na nagbibigay ng pinansiyal na tulong sa mga lokal na ahensiya sa edukasyon at mga pampublikong paaralan na may mataas na porsiyento ng mga pamilya na nagkaroon ng karapatan para sa libre at pinababang tanghalian na programa. Ang pondo ng Titulo 1 ay ginagamit upang pagbutihin ang akademikong tagumpay at palakihin ang pakikipagsamahan ng pamilya.

Mga halimbawa ng mga serbisyo na binabayaran ng Titulo I, Bahagi A ay kinabibilangan ng:

- Pamamagitan sa pagbasa at matematika
- Sanay na mga tutor
- Pinahabang araw na mga aktibidad
- Paaralan sa Tag-init
- Mga pulong sa pakikipagsamahan sa pamilya upang pagbutihin ang akademikong pag-unlad ng

mag-aaral.

Kung, bilang isang magulang, mayroon kayong mga katanungan o mga pag-alala tungkol sa paggamit ng mga pondong ito sa paaralan ng inyong anak kontakin si:

Pamela Faulkner Superbisor: Titulo I/LAP [pdfaulkner@seattleschools.org](mailto:pdfaulkner@seattleschools.org)

Kung may karagdagang pa kayong mga katanungan o gustong magsampa ng isang pormal na reklamo tungkol sa paggamit ng pondo, ang proseso ng reklamo ng mamamayan ay maaaring makuha sa:

Online

[Online](#) | Telepono (360) 725-6100 | TTY (360) 664-3631 | FAX (360) 586-3305

Ipadala sa Koreo ang Inyong Tanong sa  
Attn: Citizen Complaint Title I, Part A  
Office of Superintendent of Public Instruction  
P.O. Box 47200  
Olympia, WA 98504

Ang Mga Pamublikong Paaralan ng Seattle ay nagbibigay ng Pantay na Pagkakataon sa Edukasyon at pagkakataon sa Trabaho

Ang Mga Pamublikong Paaralan ng Seattle, SPS, ay nagbibigay ng Pantay na mga Pagkakataon sa Edukasyon at Pantay na mga Pagkakataon sa Trabaho at hindi nagtatangi sa anumang mga programa o mga aktibidad batay sa kasarian; lahi; paniniwala; kulay; relihiyon; bansang pinanggalingan; edad; katayuang ekonomiko; sekswal na kinasanayan, kasama ang kasarian pagpapahayag o pagkakakilanlan; pagbubuntis; katayuang matrimonyo; pisikal na kaanyuan; pagkakaroon ng kapansanan sa anumang pandamdang, mental o pisikal; may karangalang pagkatiwalag na beterano o kalagayang militar; o ang paggamit ng sinanay na giyang aso o serbisyong hayop. Ang SPS ay nagbibigay din ng pantay na karapatan sa paggamit sa Boy Iskaut at ibang itinalagang grupo ng kabataan.

Ang SPS ay sumusunod sa lahat ng ipinatutu- pad na alituntunin at pamamalakad, kasama subali't hindi limitado sa: Titulo IX ng Susog sa Edukasyon ng 1972; Titulo VI ng Batas sa Karapatang Sibil ng 1964; Seksiyon 504 sa Pagbabagong-Tatag ng 1973; Batas sa mga Amerikanong may Kapansanan (ADA) ng 1990 at ang Batas sa Susog sa ADA ng 2008; at ang Batas ng Washington Laban sa Diskriminasyon RCW 49.60. Ang pagsunod ng SPS ay kinabibilangan ng, subali't hindi limitado sa lahat ng mga programa ng distrito, mga kurso, aktibidad kasama ang ekstra -kurikular na mga aktibidad, serbisyo, at karapatang magamit ang mga pasilidad